

# Mabuhay!

Tiyakin ninyo at ng inyong pamilya na magkaroon ng ligtas at kasiya-siyang karanasan sa paglangoy. Bago kayo pumasok, mangyaring basahin ang mga tuntunin sa paggamit ng “swimming pool”.

Para sa karagdagang impormasyon, o kung mayroon kayong anumang katanungan, mangyaring makipag-usap sa isa sa aming mga kawani ng pasilidad.

We're All in This Together

Kailangang may isang magulang o responsableng taong may edad na 15 taon o higit pa na mag-asikaso sa bawat tatlong batang may edad na kulang ng 8 taon sa pool o lugar ng pool. Hindi papayagan sa lugar ng pool ang mga batang walang nag-aasikaso sa kanila.

Dapat sikapin ng mga magulang o mga tagapag-alaga na ang mga batang may edad na kulang sa 8 taon ay palaging nasa abot-kamay nila.

Alamin kung saan ang mga bahaging malalalim. Kung hindi mo kayang lumangoy, manatili sa bahaging mabababaw.

Magsuot ng lifejacket kung hindi ka marunong lumangoy. Makakahanap ka ng mga libreng lifejacket na pwedeng gamitin sa lahat ng mga swimming pools ng Lungsod ng Edmonton.

Hindi pinapayagan ang mga taong lasing o nasa ilalim ng kapangyarihan ng droga sa loob ng gusali. Bawal ang paggamit ng alkohol at/o droga.

Para sa iyong kaligtasan, manatili lamang sa steam room, sauna o whirlpool sa loob ng 10 minuto sa bawat pagkakataon. Kung ikaw ay may problemang pangmedikal o kaya'y nagdadalang-tao, sumangguni sa doctor bago gamitin ang pool, steam room, sauna o whirlpool.

Kung mayroon kayong problemang pangmedikal (kondisyon sa puso, epilepsy, atbp.) ipagbigay-alam sa lifeguard bago lumusong sa tubig.

Kung may makikita kang nasa kalagayang mapanganib, ipagbigay-alam kaagad sa lifeguard o mga nagtatrabaho sa nasabing lugar.

Huwag kang lumangoy kung mayroon kang sakit na nakakahawa, o ikaw ay nagkasakit o nagtae sa nakalipas na dalawang lingo.

Dapat gamitin ng mga batang may 6 na taong gulang o higit pa, ang tamang locker room na naaangkop sa kanilang kasarian (lalaki o babae)

Kung kailangan mong dalhin ang mga mahahalagang bagay tulad ng pitaka o mga susi, maaring itago ang mga ito sa mga maliliit na lockers sa bahaging papasok nang walang bayad.

Labag sa batas ang manguha ng litrato sa mga silid-palitan o mga banyo.

Hindi pinapayagan ang mapang-abuso, mapanganib at kriminal na kaasalan. Ang sinumang hindi sumusunod sa mga tuntunin ay palalabasin.